



NEWS RELEASE

baaqmd.gov



PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Enero 8, 2024

MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa mga pinuno ng komunidad sa Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco para bumuo ng plano na magbabawas ng hindi mabubuting antas ng polusyon sa hangin at susuporta sa pampublikong kalusugan

Inaanyayahan ang publiko na lumahok sa unang pagpupulong para magtanong at magbigay ng input

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang pagbuo ng plano sa pagbabawas na makakatulong na mapahusay ang lokal na kalidad ng hangin at kalusugan sa Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco.

Para labanan ang mga walang kapantay na problema sa polusyong nararanasan sa mga lugar ng Bayview Hunters Point at Southeast San Francisco, bubuo ang Distrito ng Hangin, sa pakikipagtulungan sa Marie Harrison Community Foundation at Bayview Hunters Point Community Advocates, ng Plano sa Pagbabawas ng Mga Emisyon ng Komunidad (Community Emissions Reduction Plan), o CERP, na magsisilbing blueprint para sa pagpapahusay ng lokal na kalidad ng hangin sa makasaysayan at mayaman sa kulturang komunidad ng Bay Area.

“Ididirekta ng prosesong ito na pinamumunuan ng komunidad ang masusing pagtuon sa mga lugar na lubos na naapektuhan ng mga kawalan ng katarungan kaugnay ng kapaligiran, hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan, at mababang kalidad ng hangin,” ayon kay Dr. Philip Fine, ang executive officer ng Distrito ng Hangin. “Kasama ang komunidad, makikipagtulungan kami para matugunan ang hindi pare-parehong problema sa polusyon sa hangin sa Southeast San Francisco, at inaasahan naming simulan ang prosesong ito para makamit ang layuning mas malinis na hangin para sa masiglang komunidad na ito.”

Magtataguyod ang pinal na plano ng mga solusyong nakatuon sa pampublikong kalusugan na nakatuon sa mga prayoridad sa kalidad ng hangin sa komunidad na ipapatupad ng Distrito ng Hangin, California Air Resources Board, at komunidad. Isang komite sa pagpapasya na nakabase sa komunidad na nagpapakita ng iba't ibang representasyon ng komunidad na ito ang magpupulong buwan-buwan para gabayan ang proseso ng pagbuo ng plano. Hinihikayat ang mga residente na dumalo sa unang pagpupulong sa **Martes, Enero 16, nang 5 PM sa Southeast Community Center na matatagpuan sa 1550 Evans Avenue sa Alex Pitcher Room sa San Francisco.**

Ang Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco, na pangunahing matatagpuan sa Distrito 10, ay ang ikaapat na lugar ng AB 617 sa Bay Area, kasama ang West Oakland, Richmond-

North Richmond-San Pablo, at East Oakland. Layunin ng pagsisikap sa planong ito na matukoy at mapabilis ang mga bagong pagkilos na pinili ng komunidad na higit sa mga kasalukuyang programa ng estado at rehiyon, para magbigay ng mga direktang pagbabawas sa mga lokal na emisyon at pagkakatantad sa polusyon sa hangin.

Ang Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco ay isa sa mga komunidad na may pinakamalawak na pagkakaiba-iba ng lahi at ekonomiya sa San Francisco Bay Area. Ang kita ng bawat tao (per capita income) ay humigit-kumulang kalahati ng kita ng bawat tao sa mas malaking metropolitan area ng San Francisco. Ang lugar na ito ay isa sa mga may pinakamataas na rate ng pagkamatay at isa sa mga may pinakamababang rate ng inaasahang tagal ng buhay sa buong San Francisco. Ang Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco ay lugar ng matinding konsentrasyon ng mapanganib na basura at iba pang pang-industriya at komersyal na pasilidad. Sa I-280 at I-101 freeway nagmumula ang pinakamalaking naililipat na pinagmumulan ng polusyon.

Ang AB 617 ay isang batas ng estado na kinikilala na bagama't nagkaroon na ng malaking pagpapaganda sa kalidad ng hangin sa California, hindi pantay ang pagkakaroon ng benepisyo sa lahat ng komunidad, at ang ilang komunidad na malapit sa mga freeway, daungan, industriya, o iba pang pinagsama-samang pinagmumulan ng polusyon ay nangangailangan ng karagdagang pagtuon at mapagkukunan para mapababa ang mga antas ng pagkakatantad.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable sa pangangalaga ng kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Facebook](#), [X](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)